



OIPRD

OPISINA NG INDEPENDENT POLICE
REVIEW DIRECTOR

paano kung nahihirapan akong punan ang complaint form (pormularyo para sa pagrereklamo)

Kung nahihirapan kang ma-access ang OIPRD, maaari ka naming tulungan punan ang complaint form. Gayunman, hindi kami makapagbibigay ng anumang payô sa iyong reklamo. Kung nais mong kausapin ang isang tao tungkol sa iyong reklamo, maraming mga community group at mga legal clinic ang makakapagbigay ng tulong. Mangyaring bisitahin ang Useful Links page sa aming website para sa listahan ng mga clinic at mga community group sa iyong lugar.

paano kung hindi ingles/pranses ang aking pangunahing wika?

Ang OIPRD ay nagbibigay lamang ng mga serbisyo sa Ingles at Pranses. Kung kailangan mo ng tulong ng translator upang mag-file ng reklamo o upang kausapin ang OIPRD, ikaw ang dapat mag-asikaso nito. Mangyaring bisitahin ang Useful Links page ng aming website para makakuha ng tulong sa paghanap ng isang translator.

may time limit ba sa pag-file ko ng aking reklamo?

Ang isang reklamo ay dapat i-file sa loob ng anim na buwan ng insidente na inirereklamo.

kailangan ko ba ng abogado upang mag-file ng reklamo?

Hindi. Hindi mo kailangan ng abogado o anumang uri ng kinatawan upang mag-file ng reklamo, pero maaari ka humingi ng tulong sa iba.

maaari ba ako mag-file ng reklamo nang hindi sinasabi ang aking pangalan?

Hindi, hindi tatanggapin ang mga reklamong walang pangalan. Upang magkaroon ng isang makatwirang proseso na walang inililihim, dapat sabihin ng mga nagrereklamo kung sino sila at dapat nilang pirmahan ang complaint form ng OIPRD kapag sila'y nagsusumite ng reklamo.

kausapin kami





ang opisina ng independent police review director (OIPRD)

Ang OIPRD ay isang arms-length agency ng Ontario Ministry of the Attorney General at ang lahat ng mga empleyado nito ay mga civilian. Ang ibig sabihin nito ay ginawa ang aming mga desisyon nang walang impluwensiya mula sa iba, at hiwalay kami sa gobyerno, sa pulis, at sa komunidad. Ang OIPRD ay nagbibigay ng isang walang kinikilingang opisina upang tanggapin, iproseso, at pamahalaan ang imbestigasyon ng mga reklamo ng publiko sa pulis sa Ontario. Sa ilang mga kaso, iimbestigahan din namin ang isang reklamo.

Sisiguraduhin ng OIPRD na ang mga reklamo ng publiko laban sa pulis sa Ontario ay hawak sa isang paraan na nakikita ng lahat, na makatwiran, mahusay, at mabisâ.

Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagtakda ng mga pamantayan at mga pamamaraan para sa paraan kung paano pinamamahalaan ang mga reklamo ng publiko. Pareho ang mga pamantayan at mga pamamaraan na sinusunod ng kapwa OIPRD at ng pulis upang masigurado na may parehong sistema ng pagrereklamo sa buong Ontario.

paano ba magfa-file ng reklamo?

Maaari kang mag-file sa Ingles o Pranses tungkol sa kilos ng isang pulis o ng mga serbisyo o mga patakaran ng anumang municipal, regional o provincial police service sa Ontario. Ang lahat ng mga reklamo ay dapat nasa OIPRD complaint form at ito'y dapat pirmahan ng taong nagrereklamo.

Maaari mong i-file ang iyong reklamo sa OIPRD sa aming website, gamit ang fax, o nang personal sa aming opisina. May mga complaint form sa OIPRD, sa lahat ng mga lugar ng Service Ontario, sa lahat ng mga istasyon ng pulis, at sa ilang community centres at legal clinics.

Maaari mo rin i-file ang iyong kinompletong OIPRD complaint form sa anumang municipal, regional o provincial police station. Irerekord ng pulis ang reklamo at ipapadala nila ito sa OIPRD.

Mangyaring konsultahin ang aming polyeto na pinamagatang *step-by-step: paano mag-file ng reklamo laban sa pulis para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-file ng reklamo.*

para sa karagdagang impormasyon tungkol sa OIPRD, mangyaring bisitahin ang: www.oiprd.on.ca



Upang padalhan kami ng mail o bisitahin kami nang personal:

Office of the Independent Police Review Director
655 Bay Street, 10th Floor
Toronto, Ontario
M5G 2K4

Upang tulungan kaming pagsilbihan ka nang mas maigi, kung nagpapadala ka ng sulat sa OIPRD, mangyaring ilagay ito sa atensyon ng isa sa mga sumusunod:

- Complaints
- Reviews
- Local Resolution
- Case Management
- Investigations
- Outreach and Education
- General Inquiry
- Freedom of Information Request
- Media Relations.

Maaari mo ring kontakin ang OIPRD gamit ang sumusunod:

Libreng matatawagang numero: **1-877-411-4773**

Local phone: **416-246-7071**

TTY: **1-877-414-4773**

Libreng mapapadalhan ng fax: **1-877-415-4773**

Local fax: **416-327-8332**

Website: **www.oiprd.on.ca**

Mayroon ka bang mga katanungan? Bisitahin ang frequently asked questions (FAQ) na page sa aming website o kontakin kami sa: **OIPRD@ontario.ca**. Ang lahat ng mga reklamo ay dapat i-file gamit ang OIPRD complaint form.